# Ang Bisa ng Talaban, Ang Ugnayan ng mga Pananaw

IVAN EMIL LABAYNE

ABSTRAK

Ang papel na ito ay naglalaman ng mga pagmumuni-muni ng isang kapapasok na mag-aaral sa tri-college program na PhD sa Philippine Studies. Sapagkat nakasentro ang mga pagmumuni sa ilang pangunahing perspektiba sa disiplinang Philippine Studies ay maituturing ang papel na ito bilang reflexive na pagtanaw sa programang binanggit. Kung gayon ay magiging kapaki-pakinabang ang papel na ito bilang bahagi ng pagdodokumento sa paggagap ng mga mag-aaral sa programang pinapasukan. Sinipat ang mga kaalamang mula sa Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio Enriquez, Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar, at ang mga kaugnay ngunit naiiba ring makabayang oryentasyon nina Bienvenido Lumbera, Patricia Melendrez-Cruz, at Resil Mojares. Ang ideya ng pagtatalaban na binanggit ni Ramon Guillermo ang magsisilbing tagapagtahi ng mga magkakawing at nagtutunggaliang ideyang tatalakayin. Dudulo ang papel sa panimulang panawagan para sa isang "Philippine studies" na dahil lapag sa kasaysayan at lipunang Pilipino ay magkakaroon ng kabuluhan sa mas malawak na konkestong lampas sa akademya.

KEYWORDS

Araling Pilipino · indihenisasyon · diyalektikal na karunungan · pagtatalaban · materyalismo

Ang ideya ng pagtatalaban ang nais kong maging pangunahing lunsaran at iikutan ng papel na paglalagom na ito. Sa billing ng kursong PS 301 (Perspectives in Philippine Studies)—isa sa core courses ng Philippine Studies (PhilStud) program—pinupunto ang pagkakatulad at pagkakaiba, kung hindi man pagkukumpitensya, ng mga perspektiba at pananaw na tatalakayin sa unang bahagi. Panukala kong magiging mas kapaki-pakinabang kung titingnan ang samot-saring perspektiba bilang magkakaugnay kaysa naglalabanan upang magpagalingan lang, gapiin ang ibang pananaw upang itakda ang sarili bilang "pinaka" sa lahat—tagapamandila ng iisang Katotohanan, ng pinakawastong ideya, at iba pa. Sabayang nagaganap ang pag-uusap ng mga perspektibang ito at ang pag-kritika nila sa isa't isa. Ang mga prosesong ito ang nagbubunsod ng paglago ng kaisipan, kaalaman, at katotohanan. Subalit mahalagang ipunto na ang tunggalian at mga ugnayan ay nangyayari hindi lang sa lunan ng ideya o ng mga kaisipan; ang mga ito ay nakalapag sa, at may pinanggagalingang materyal na kalagayan. Mula sa mas nakatuon na personal na pinanggagalingan, o konteksto ng pagkakasulat ng mga akda, hanggang sa mas malawak na sityo ng kasaysayan—hindi ang kasaysayan sa/na abstract, kundi kasaysayan bilang konkreto, masalimuot, at umaatikabong lunan ng mga kaganapan sa lipunan—ang mga ideya at artikulasyon nito ay hindi tiwalag sa materyal na realidad.

Sa papel na ito, tatangkain kong sumahin ang naunawaan kong sala-salabid na relasyon ng mga perspektibang tinatalakay sa PS 301. Ang susing ideyang pagaganahin ko ay ang diyalektikal na implikasyon ng pakikipagtalaban, ayon, at higit rin sa pagpapakahulugan ni Ramon Guillermo. Ang sisipatin sa pamamagitan ng diyalektikal na pananaw ay hindi na lang mga sistema kundi pati mga kategoryang madalas pinaghihiwalay, o natatabunan ang ugnayan: loob at labas (at permutasyon nitong 'katutubo' at 'dayuhan'), akda at pang-akda, ideya/kaisipan at praktika/kasaysayan. Dudulo ito sa paglilinaw ng aking tindig sa harap ng samot-saring perspektiba. Ang mismong paglalayong tumindig ay makabuluhan na, sapagkat tumataliwas sa tendensiyang ilatag lang ang mga pananaw—sa "marketplace of ideas"—at magtapos doon. Mabuti na lang at napahiwatig na sa taas na tulad ng pagbuo ng kaalaman, ang pagtindig ay di-natatapos na proseso; maaaring pagnilayan at irebisa ayon sa pagsubok ng talab ng mga tindig na ito sa materyal na kalagayan at kasaysayan.

Ngunit bago pagtabi-tabihin at talakayin ang mga perspektibang ito ay magsisimula ako sa ilang mahahalagang karanasan bago pumasok sa programang PhilStud, ngunit kaugnay ng bago-bagong pormal na disiplinang ito. Hangad kong sa pambungad na ito ay maisalugar ko ang nabuong interes sa Philippine Studies at ang paunang magkalakip na survey ng, at pagtindig mula sa mga dominanteng perspektiba sa disiplinang ito. Nais kong ipakita ang proseso ng pagkahubog ng aking interes—kung paanong ang panimulang kislap nito na mag-uudyok sa opisyal na pagpasok sa isang programa ay unti-unting palalaguin, kundi man babaguhin din, ng panahong inilalagi sa programang ito.

## *Philippine Studies at Remote Learning sa Gitna ng Pandemya*

Pumasok ako sa PhilStud program noong unang semestre ng akademikong taon 2020-2021—ang unang ganap na semestre kung kailan ipinatupad ang remote learning setup sa lahat ng antas ng pag-aaral sa Pilipinas. Setyembre ito nagsimula, halos kalahating taon mula nang ipalaganap ang malawakan at iba-ibang nibel ng community quarantine sa buong bansa. Kakalipat ko sa Lungsod Quezon mula sa Baguio nang kumpirmahin ang community transmission ng COVID-19 sa Pilipinas at ipatupad ang lockdowns. Matapos ang isang dekadang pamamalagi sa Baguio kung saan ko rin natamo ang BA at MA sa Language and Literature sa UP Baguio ay nagpasya akong kumuha ng PhD degree sa UP Diliman. Sumagi pa sa isip kong maghanap ng scholarship sa ibang bansa, ngunit maliban sa dami ng prosesong dapat pagdaanan, sa huli ay ang araling nais kong pagdalubhasaan ang nagtulak sa aking piliin ang Philippine Studies program sa UPD.

Sa mga nahanap kong programa sa mga pamantasan sa ibang bansa na nagbibigay ng scholarship grants, karaniwan ang mga kursong Comparative Literature o Art Studies na tumutugma sa aking interes. Sinadya ko namang

hanapin ang scholarship offers sa programang Urban Studies dahil bihira itong lumabas sa mga oportunidad na nakikita. Ang interes sa magkakaugnay na araling ito ay bunsod ng aking mga di-gradwado at gradwadong pag-aaral at praktika sa Baguio. Sa pagtapos ng kursong Language and Literature—mula BA hanggang MA—ay higit kong kinasiyahan ang mga asignatura sa Panitikan habang kinikilala rin ang malawak na posibilidad ng interface nito sa Araling Wika at pormal na Linggwistika. Nanggaling naman ang pagkiling ko sa Art Studies sa aking praktika bilang malikhaing manunulat at pagiging kabilang ng isang art collective na dati ay Baguio-based bago lampasan ang geographical denotation na ito. Mga eksperimento sa pagsulat, sa materyalidad ng titik, sa paglikha ng sining at pagbuo ng mga komunidad na batay sa sining ang inatupag ko bilang indibidwal at bilang bahagi ng collective na Pedantic Pedestrians. Ang MA tesis ko naman na tungkol sa Burnham Park at kung paano ito nauunawaan at ginagalawan ng mga taong naglalagi dito ang pangunahing humugis sa aking interes sa espasyo at siyudad, kung gayon, ang Urban Studies.

Subalit sa huli, ang naging pasya ko ay para sa Philippine Studies. Nagmula ito sa interes na magtuon sa Pilipinas, sa bayang ito at ang samot-sari at masalimuot na mga usaping kaugnay nito. May hinala rin na magiging interdisiplinaryo ang lapit sa kursong ito dahil sa lawak ng mga maaaring paksain—mula kasaysayan at kultura, pananamit, panitikan at pagkain, hanggang ugnayang panlabas, ekonomiya, paggawa, agrikultura, at iba pa. May pagkailang ako sa pamimili ng iisang "ispesyalisasyon" at habang kinikilala ang mga posibleng kahinaan ng ganitong tindig ay nagpapaakit ako sa samot-saring paksa at diskursong pumapaloob sa Philippine Studies. Naging mabunga ang aking pag-aaral kanila Byron at Shelley, Derrida at Lacan, Lumbera at Lacaba, pati na rin kanila Chomsky at Searle at Vygotsky noong undergrad. Pinino ko ang mga natutuhang ito at pinagmuhatan rin upang mula sa mga pampanitikang teksto at pormasyon ng wika ay magtuon sa materyal na espasyo at pagkilos dito ng mga tao sa aking MA. Mula sa ganitong pag-zoom in ay ninais kong mag-zoom out muli, kahit paradoxically, may pinitas muling iisang direksyon, bagaman malawak ang daanan—ang Philippine Studies. Mas BA kaysa MA, mayroon nang mga "Pilipinong" bahagi—mga asignaturang tulad ng Philippine Literature in English, Kasaysayan ng Panitikang Pilipino, Paglilinang ng Wikang Pilipino, at iba pa. Mga bahagi itong nakapaloob, at kaugnay lamang ng tukoy na larangan—Panitikan at Wika—hindi prinsipal na tuon ng pag-aaral. Sa PhilStud—tulad na rin ng inaanunsyo ng pangalan nito—ay maaasahang ang Pilipino/ bayang Pilipinas at ang maraming aspekto nito ang siyang iikutan ng mga paksa.

Sa una kong semestre sa PhilStud, hindi agad-agad ang paglundag sa samot-saring paksang ito—na mistulang atat na atat na pag-usapan ang mga ito upang tapusin na, upang ma-"cover" na ang lahat, mula paksa #1 hanggang paksa #99. Taliwas sa ganitong karikatura sa kwantipikasyon ay ang hindi malulundagang hakbang ng paghahanda sa lunan ng pag-aaral o pagdudukal sa lupa ng pag-aaralan. Sa ibang sabi, bago talakayin ang mga paksa ay nararapat usisain kung ano ang Philippine Studies, saan ito nagmula, ano ang kasaysayan nito, paano ang naging daloy ng pag-unlad nito at ano ang mga maaari nitong tunguhin.

Upang makapagbigay ng mga paunang sagot rito ay magbabahagi ako ng aking pagtaya sa mga namayaning perspektiba sa larangang ito at kung paanong ang naging mga pag-unlad, tunggalian, at pag-uugnayan nila ay kaalinsabay ng patuloy na pag-usbong ng Philippine Studies. Magiging saligan ko ang mga babasahing ginamit namin sa klaseng PS 301 noong unang semestre ng remote learning sa ilalim ni Dr. Nancy Kimuel-Gabriel. Sa puntong ito ay marapat na kapwang ilantad ang implisitong puna sa ganitong saligan at ang mga obhetibong rebelasyon ng ganitong kalagayan. Una—parang stating the obvious ngunit sana ay maipapakita ang halaga nito: kalakhan ng babasahin ay nagmula sa silabus sa klase, isang dokumentong at most ay masasabing contingent na lamang, "nagkataon" lang na ito ang silabus na ginamit ng propesor ng PS 301 sa semestreng nag-enrol ako dito. Ang worst case ay isagad ang argumento at sabihing dahil sa contingency na ito ay mahina ang magiging batayan ng eksposisyon.

Ang mainam na sagot rito ay pabulaanan ang pagiging contingent o incidental ng mga babasahing napasama sa silabus at siyang naging batayan ng pagmumuning ito sa programang Philippine Studies. Babanggitin ko ang status ng silabus bilang pagkakakonkreto ng kapangyarihan ng mga institusyon tulad ng unibersidad sa pagbuo, pag-consolidate, at pagpapalaganap ng kaalaman. Ang mga isinaad nina Guillory at Sela-Sheffy sa kaso ng pampanitikang kanon ay maiuugnay sa kasalukuyang paksa. Sa kaniyang Pambungad sa *Cultural Capital: The Problem of Literary Canon Formation*, tinukoy ni Guillory ang tungkulin ng "school, and the institutional forms of syllabus and curriculum" hindi lang sa paglikha ng canon kundi pati sa pagpapakalat at pag-regulate sa cultural capital (vii). Mula rito, ang institusyon ng unibersidad ay mabibilang sa tinawag na "authorized consecrating agencies" (Sela-Sheffy 2002, 141), at ang silabus ay may partikular na gampaning itakda ang mga nararapat pag-aralan (ikumpara ang 'required' sa 'supplementary' readings) at ang bubuo sa mas malawak na kategoryang "kaalaman." Bagkus, ang mga partikular na materyales na ito—itatala sa "Sanggunian" na bahagi ng silabus, babasahin ng mga mag-aaral at tatalakayin sa klase at hindi malayong gagamitin muli bilang "Sanggunian" ng mga mag-aaral sa kanilang mga sulatin—ay nagkakaroon ng malaking tungkulin sa patuloy na pagbubuo at pagpapaunlad sa isang larangan. Ngunit hindi simplistikong relasyon ito kung saan ang mga piling babasahin ay magiging representatibo ng isang akademikong larangan. Mas mapapayabong ang pagsipat kung bibigyang-diin ang pagsasalimbayan ng mga teksto, ang larangan, at ang kasaysayan ng mga ito. Mula rito ay maaaring ipakita kung paanong ang mga babasahin ay kapwa nakatulong sa pag-unlad ng isang disiplina habang nagbago rin ang mga ito ayon sa pagkakagamit nila sa loob ng disiplina.

Tatapusin ko ngayon ang bahaging ito sa pahayag na ang mga babasahin sa isang silabus—partikular sa silabus na pinagbatayan ko ng mga tekstong ginamit para sa papel—ay kapwa contingent, at tukoy ng espesipikong kalagayan sa kasaysayan; kapwa defined at bukas sang-ayon sa iba't ibang pag-unawa at pag-apply ng mga mag-aaral o mananaliksik. Ang tangka kong engagement sa mga babasahing ito upang magmuni-muni ukol sa programang Philippine Studies na pinasukan ko ay tangkang hindi lang unawain ang isang inabutang programa o inherited tradition, kundi makibahagi rin sa pagpapatuloy ng disiplinang ito. Sa pagsalungguhit sa halaga ng kontekstwalisasyon ay madalas ang pagtuon sa mga "external" na bagay na humuhugis at kinalulugaran ng mga "teksto"—ang kasaysayan nito, ang nagsulat dito, at iba pa. Natatabunan tuloy ang pagkilatis sa konteksto o lugar ng umaakda—siyang bumubuo ng sintesis, siyang nagbabahagi ng analisis. Ang umpugan ay nangyayari sa pagitan hindi lamang ng dalawa, (teksto at konteksto, Philippine Studies program at kasaysayan nito) kundi ng at least tatlo, kabilang na ang pumapaloob sa programang ito at umuunawa at nag-aambag sa kasaysayan nito. Sa kaso ngayon, ako ito, ang tumitipa sa keyboard ng kompyuter, isang bagong salta sa PhilStud program ng UP Diliman, sinusubukang unawain ang programang pinasukan habang nag-aambag rin sa mas malawak na pag-unawa sa, at pag-unlad ng programang ito.

### *Ahensya sa Pag-aakda*

Heto muli ako, ang may-akda, hinahanda ang lunang kung saan idaraos ang pagmumuni. Balik sa personal na pagsasakasaysayan, tatawagin ko ang sarili bilang "baguhan" sa Philippine Studies at hindi lalampas sa kalahati ng nagsulat ng mga babasahing naengkwentro sa PS 301 ang nauna ko nang nabasa sa ibang pagkakataon. Dahil sa Panitikang bahagi ng aking BA at MA, hindi lang ako pamilyar kanila Ramon Guillermo at Bienvenido Lumbera at Resil Mojares; nakapagbasa na ako ng iba nilang sulatin. Naririnig ko na sina Zeus Salazar, Virgilio Enriquez, at Prospero Cavar—kapwa sa mga pormal na sulatin, at mas karaniwan, sa mga memes sa social media (lalo na ang una)—ngunit hindi ko pa sila nababasa. Sa PS 301—sa wakas—doon ko unang "pormal" na napag-aralan at natalakay ang mga kaisipan ng sinasabing "triumvirate" ng indihenisasyong pihit na nagtulak sa pormalisasyon ng Philippine Studies sa akademya.

Marapat kong banggitin ang una nang pagkakabasa sa *Pook at Paninindigan* ni Ramon Guillermo bago pa sumampa sa PhilStud

program. Sa kritikang ito ng Pantayong Pananaw (PP) ni Salazar ay nagkaroon ako ng matatawag na "negatibong" exposure sa PP—negatibo dahil una kong namalas ang kritika o tugon rito bago silipin ang binubunyag ng mismong pananaw. Pumukaw sa akin mula sa teksto ni Guillermo ang pag-iiba niya sa proseso ng pag-aakda at ang tinawag niyang "pang-akda." Pinasimple ko ito upang ganapin kapwa ang pagkakaiba at relasyon ng dalawa bilang pumapatungkol sa panulat at paglikha at sa mga bagay, materyales o pagkakataon na sumusuporta sa paglikhang ito.

Ang kabuuan ng pahayag ni Guillermo ay "Hindi nauunawaan ng PT na ang pag-aakda ng daigdig ay nangangahulugan din ng pag-akda ng mismong pang-akda" (Garcellano 1990, 76). Ipinapahiwatig nito na sa pag-aakda ay kinakailangan ring maging malay ang umaakda sa kalagayan ng kaniyang pag-akda (conditions of writing/creation). Ang mga kalagayang ito ay maaaring patungkol sa masaklaw na kasaysayang kinabibilangan at nilalahukan, o sa mas ispesipikong kalagayang nag-i-enable sa pag-akda: mga institusyong sumusuporta sa pagbuo ng kaalaman, mga rekurso para rito, mga moda ng distribusyon o pagpapalaganap sa mga inakda. Sa "Ang Proyektong Araling Filipino sa Wikang Filipino," binanggit ni Guillermo ang "mahigpit na pangkasaysayang ugnayan" sa pagitan ng indihenisasyong pihit at sa "pagsibol at paglakas ng mga makabayan at militanteng kilusang masa" noong dekada 70 at 80 (1). Sa parehong talata ay binanggit rin niya ang "pagkalas ng mga tendensyang ito sa mga panlipunang kilusan" (1)—pahapyaw sa magkaka-ugnay na proseso ng pagtatagpo at paghihiwalay, na kapwa dulot ng kasaysayan at nagpapayabong rito.

Sa pagpopook kapwa ng disiplina at programang Philippine Studies sa bugso ng makabayan at radikal na kilusang masa noong dekada 60 at 70 ay maipapakita ang samot-saring mga tunggalian, at ehersisyo ng ahensya. Tulad sa "Ang Proyektong Araling Filipino sa Wikang Filipino" ni Guillermo, pinahiwatigan rin sa "Marking a Turn: Thoughts on a Generation of Philippine Scholarship" ni Mojares ang halaga ng dekada 60 at 70 sa kasaysayan ng bansa sa pangkabuuan at sa pag-unlad ng kaalaman. "Dramatic conjuncture" ito ayon kay Mojares at nilista niyang mga salik ang paglala ng pang-ekonomiyang krisis, paglakas ng sentimyentong kontra "Americanism" at pagsulong ng Marxismo at pagkakatatag ng bagong Partido Komunista sa Pilipinas (Mojares 2014). May korelasyon ang mga "pagkakawing-kawing ng mga pangyayaring" (Ramos et al. 1997, 70) ito sa paglakas ng diwang makabayan kung saan magiging tampok na usapin ang wikang pambansa—na siya namang magiging huling pagkakasunduan ng mga tradisyong "indihenisasyon" at ng mga radikal na kilusang masa. Paiigtingin pa ng Batas Militar ang impetus para sa mga radikal na kilusan, kundi man pinaypayan pa ang lumalaki nitong apoy. Ngunit alinsunod sa dialetikal na kaisipan at ayon na rin kay Patricio Abinales na sinipi ni Mojares, hindi dapat tingnan ang panahon ng Batas Militar bilang isang "either/or situation" bagkus ay isang "spectrum where between state and revolution are found different shades of political choices" (Mojares 2014). Isang mainam, at nakakapukaw na paradoha: dulot ng represibong katangian ng Batas Militar ay naging masidhi ang paghahanap at pananawagan para sa demokrasya, sa kalayaan; ang "negatibong" halimbawang binigay ng Batas Militar ang pumukaw sa mga iskolar, sa sambayanan, na manawagan para sa Iba, sa Hindi ganito.

Pinaigting ng Batas Militar ang pagkakahati sa lipunan—may kapangyarihan at wala, may kayamanan at wala, meron o walang kontrol sa produksiyon—habang pinasidhi rin ang tunggalian sa maraming aspekto. Sa mga iskolar, inudyukan sila ng panahon na pumili ng panig sa halip na magtala lang at magmuni sa mga kaganapan sa paligid. Habang puspusan ang pag-instrumentalize ng diktador sa magka-ugnay na "mystifying power of culture and arts" at sa tema ng "nationalism," ay binaka rin ito ng mga iskolar. Magandang halimbawa ang kaso ng Philippine Center for Advanced Studies na inilarawan ni Sobritchea bilang "conversion of the Asian Center into a 'think tank' of government" at mga retorika nito ng "national development" at "social engineering" (Sobritchea 2002, 102). Ngunit maski sa isang pangungusap lang ay may pasilip sa tindig ni Sobritchea. Para siyang nagpasok ng Acknowledgement sa gitna ng isang akademikong papel: "I would like to mention in

passing the valiant efforts of faculty members and students who resisted the pressure to convert their classrooms into a propaganda arm of the Marcos government."(Sobritchea 2002). Maliban sa nagpatikim ito sa panig ni Sobritchea, pinahiwatigan rin ng akda ang paggana ng ahensya: lagi't laging may posibilidad ng pagmaniobra, pagtutol kahit sa harap ng mga institusyonal at malaganap na paninikil. Narito ang espasyo na maaaring maksimahin, o pagnilayan man lang kung paano magagamit, ng mga iskolar, ng mga manlilikha sa pangkabuuan, upang magsulong ng mga alternatibong diskurso at kaayusan.

Ang usapin naman ng "nasyonalismo" ay batbat rin ng kontradiksyon bilang resulta ng magkakaibang interes o ideolohiya ng gumagamit dito. Malamang sasang-ayon si Marcos sa itinuran ni Lumbera na "makapangyarihang puwersa" ang nasyonalismo pero nasa magkaibang panig sila sa pagpapagana sa ideyang ito (Lumbera 2000). Dito papasok ang anotasyon ni Alice Guillermo sa ideya ng "articulation" ni Ernesto Laclau. Sa "Covert Presence," tinukoy niya ang "nationalism" bilang isang halimbawa ng "non-ideological element" na maaaring i-articulate sa maraming paraan, ayon sa magkakaiba at nagtutunggaliang ideolohiya (Guillermo 1989, 188-90). Ang "nasyonalismo" ni Hitler halimbawa ay purista at rasista kaya nilayong apulahin ang mga Hudyo na para bang mga ketongin o maysakit na lahi. Ang nasyonalismo ni Marcos ay may layong burahin ang mga hindi pagkakapantay-pantay, ibandila ang "kaisahan" ng bansa, kung saan ayon sa naratibo ay malaki ang gampanin ng kaniyang pamumuno, at bagkus ginagawang lehitimo ito. Taliwas rito ang nasyonalismo ng radikal na kilusang masa na "kumikiling sa panig ng mga kasalukuyang inaapi . . . ng dominanteng sistema" (Guillermo 2009, 22). Hindi inosente ang mga salita, ang mga termino, ang mga akda. Nababahiran ang mga ito ng layunin, oryentasyon, at interes ng lumilikha.

Masasabi mula rito na ang pagpanig ay may at least dalawang magkaugnay na aspekto: isang nakatingin higit sa labas, sa paligid—ano ba ang kalagayan ng lipunang kinabibilangan ko, paano ko ito nauunawaan—at isang nakatingin higit sa sarili—sa pagkapa at pag-unawa ko sa paligid ko, ano ang magiging tindig ko, at ano ang gagawin ko tungkol dito? Diyalektika muli, at may historikal na batayan: ang mas produktibong tanong sa aking palagay, ay hindi ano ang "tama o mali," kundi ano ang "akma" sa isang partikular na kalagayan o kondisyon. Walang eternal na tama, tama-sa-lahat-ng-pagkakataon; mayroon lamang mga angkop na hakbang o ideya ayon sa kongkretong kalagayan.

Kamalayan sa kaligiran at kasaysayan ang binibigyan ng halaga. Nasapul ito ni Patricia Melendez-Cruz nang ilarawan niya ang lipunan sa simula pa lang ng talakayan sa "Ang Pulitika ng Wikang Panturo" bilang "mala-kolonyal, maka-uri at multilinggwal" (Melendrez-Cruz 1996, 195). Itong tinukoy na pangkabuuang kalagayan ang naging gabay sa pagtalakay at pagsasakasaysayan niya ng naging pag-unlad at mga tunggalian sa usapin ng patakarang pangwika at wikang panturo. Matapos pasadahan ang ilang salik at pangyayari sa kasaysayan—kolonyalistang pamana sa edukasyon, oryentasyon nitong may diin sa "pagkabisa" sa halip na "pagtatanong" o "paglutas ng problema"—ay dumulo ang akda sa potensyal ng wika at wikang panturo bilang tagapagpalaya ng isipan (Melendrez-Cruz 1996, 205).

Nais ko lang banggitin ang hawig ng turn-of-phrase sa bahaging kongklusyon ni Melendrez-Cruz at ni Enriquez. Para kay Melendez-Cruz, "maitutumpak ang pagkilos" (Melendrez-Cruz 1996, 213) matapos matalos ang kalagayan; kay Enriquez naman, "gamitin ang magagamit mula sa ibang bansa at iwaksi ang hindi" (Enriquez 1989, 18). May ahensya sa pagkilos at sa paggamit na nakabatay sa posible nitong bisa o talab sa kalagayan kung saan sila gagamitin o ia-apply. Muli, kailangang maging malay sa mga ito: ang pinanggagalingan ng indibidwal (bias, lente, oryentasyon) at ang malawak na lipunan kung saan ilalapag at susubukin ang talab, ang paggana, ng mga kaisipan.

Hinahanda tayo nito sa pagtalos sa talab, sa pagbandila ng termino at kaisipang ito sa pagtatasa ng mga bagay: mula sa isang ideya o kislap-diwa, hanggang sa isang kongkretong kagamitan, o malawakang programa.

*Diyalektika sa Talaban*

Sa *Diksiyonaryong Adarna*, ang tala sa "talab" ay ang sumusunod: (1) "tagos ng anumang uri ng talim o tulis sa isang bagay; (2) bisa ng pangungusap, gamot, sumpa, at iba pa." Sa unang pakahulugan ay litaw ang konotasyon ng talim, sharpness. Dalawang bagay ang naaalala ko. Una, ang paggamit ng "sharp" sa sirkulo ng mg aktibista, lalo sa mga kabataan. "Ang sharp ng kaniyang analisis." "Nabasa mo na ang sagot ni A sa patutsada ni B, ang sharp!" Pangalawa, kaugnay naman sa "tagos": "Mukhang nagdaramdam ka sa sinabi ni Mama mo ha. Tagos ba?" "Nakakatuwa 'yung mga halimbawa ni Mam kanina sa klase a, tagos na tagos e!" Sa mga halimbawang ito, kapag tumalab ang isang bagay ay mistulang nakuha nito ang punto, naipatagos ang gustong sabihin sa epektibong pamamaraan, o nakapukaw nang husto matapos ipakita ang relasyon ng sinasabi sa kausap.

Sa pangalawang pakahulugan naman ay bida ang "bisa"—na may implikasyong kailangan ng isang external na relasyon na siyang magiging batayan ng pagtasa sa "bisa." Ang bisa ng pangugusap, gamot o sumpa ay masusukat o makikita hindi sa mga bagay na ito mismo, kundi sa mga bagay o kalagayan sa labas nito: ang nakarinig o nakabasa ng pangungusap, ang uminom ng gamot, ang binigyan ng sumpa. Matapos lamang isaalalang-alang ang mga panlabas ng bagay o sitwasyong ito saka maaaring tasahin ang "bisa" ng isang bagay.

Sa linggwistikong antas pa lang ay maipapakita na kung paanong ang talaban ay nag-iimply ng pagkakaugnay-ugnay ng mga bagay: ang talab ng bagay sa isa pa; ang bisa ng mga bagay ayon sa panlabas at mas malawak nitong iniiralan. Ganito ang diwang gustong paganahin sa pagtatasa ng mga perspektiba. Mainam rin na marami sa mga papel na tatalakayin mismo ay mahihiwatigan ng diyalektikal na pagtanaw. Halimbawa, banggitin ko muli ang pagsasalarawan ni Guillermo sa "pagtatalaban" kung saan "kapwa ang pumapasok na elemento at pinapasukan nito ay nagbabago at umuunlad" (Guillermo 2009, 18). Pinagana ni Mojares ang kahalintulad na ideya sa kaso ng panitikan, partikular sa "dialectical relation between genre and its history" at kung paanong sa pagsasakasaysayan ay mas mababanaag ang naging pag-unlad at pagbabago ng mga genre (mula epiko at awit hanggang corrido at romansa) kasabay ng pakikisangkot ng mga genre sa galaw ng kasaysayan. Ang pumapasok ay hindi lang "kinakain" ng pinasukan nito, na para bang awtomatiko ang pagpapaloob nito sa umiiral na lohika ng pinasukan; sa halip ay maaaring magbago ang pinasukan sa tulong ng (maaari ring magbagong) pumasok na elemento.

Mainam na ipasok na rito ang mga "konsepto sa Sikolohiyang Pilipino" na tinalakay ni Virgilio Enriquez dahil matutunugan ang komparatibong pagiging bukas nito sa mga impluwensiyang banyaga, o panlabas (Enriquez 1989, 12). Taliwas ito sa inklinasyon ng Pantayong Pananaw (PP) na higit na binibigyang diin ang "panloob na pagkakaugnay-ugnay at pag-uugnay ng mga katangian, pagpapahalaga, kaalaman, karunungan, hangarin, kaugalian, pag-aasal, at karanasan ng isang kabuuang pangkalinangan—kabuuang nababalot sa at ipinahayag sa pamamagitan ng isang wika . . . sa loob ng isang nagsasariling talastasan/diskursong pangkalinangan o pangkabihasnan" (Salazar 1991). Habang may pagbanggit, at pagdidiin si Salazar sa mga ugnayan, ito ay sa kontekstong panloob lang—isang loob na tinuturing, o mas akma siguro, hinaharaya bilang buo at nakakapagsarili, nang walang tulong o impluwensiya mula sa labas.

Sa pagdedetalye ni Enriquez sa Sikolohiyang Pilipino (SP), bagama't may mga pasaring na mistulang kontra sa mga salita o konseptong banyaga, higit ang bigat ng akto niyang talakayin ang iba-ibang konsepto sa SP dahil mahihiwatigan ang diyalektikal na attitude, o pananaw ni Enriquez sa mga panlabas na impluwensiya. Naglista siya ng anim na uri ng konsepto: (1) mga katutubong konsepto, (2) mga konseptong bunga ng pagtatakda ng kahulugan, (3) ang pag-aandukha o pagbibigay ng katutubong kahulugan sa ideya at salitang hiram, (4) ang pagbibinyag o paggamit ng katutubong salita para sa pandaigdigan o banyagang konsepto, (5) ang paimbabaw na asimilasyon ng taguri at konseptong hiram, at (6) mga ligaw at banyagang konsepto (Enriquez 1989, 12-16). Susi ang halimbawa (3) at (4) upang ipakita ang kabukasan ng SP sa mga banyagang konsepto o termino—isang kabukasan na inaalalayan

ng diyalektikal na pagtalos. Ginamit rin ni Enriquez ang salitang "andukha" at pinakita ang paggana nito sa transpormasyon ng "seizing one's opportunity" o "chance" sa "paniniyansing" (Enriquez 1989, 14). Kapag inilapag sa kulturang Pilipino, kumikiling sa negatibo ang kahulugan ng "tiyansing" dahil sa pagsimangot natin sa "hawak nang hawak kung kani-kanino" (Enriquez 1989). Sa (4) naman, ang halimbawa ay ang pag-iiba sa Kastilang "quilates" na specific sa ginto ang paggamit habang mas malawak at mas malalim na ang pinatutungkulan ng Filipinized na salitang "kilatis" kapag ginamit sa kulturang Pilipino. Kung susundan ang terminolohiya ni Guillermo, ang pumapasok na elemento sa halimbawang ito ay mga salitang banyaga—Ingles na chance at Kastilang quilates—at ang pinapasukang sistema ay ang kalinangan o kultura at lipunang Pilipino. Makikita ang paggana ng ahensya, ang pagbuo at paglalaro sa kahulugan: nag-iba ang kahulugan ng mga salitang hinango at inangkin nang ilapag na ito sa kontekstong Pilipino. Sa dila ni Rodriguez-Tael, ito ang "paghalaw at pag-aangkop/adaptasyon, at/o pagsasalin ng mga konseptong mula sa labas upang mailapat sa pag-aaral ng karanasang Pilipino" (Rodriguez-Tatel 2015, 122). Sa diwa ng diyalektikal na analisis, walang iisang direksyon ang impluwensiya, at transpormasyon. Nag-iimpluwensiyahan at mutually transformative ang maraming elemento ng isang sistema o mga kapwa-sistema/kategorya. Subalit isang antas pa lang ito ng diyalektika: ang dalawang kategorya, a at b (loob at labas, global at lokal, general at partikular, at iba pa), ay iniimpluwensiyahan ang isa't isa habang kapwa sila may mga internal na kontradiksyon at kompleksidad. Halimbawa, kapwa ang "Kalinangang Bayan" at ang "Kulturang Nasyunal," na tinuturing ni Salazar na "banyaga ang batayan" (Salazar 1991, 126) ay hindi monolitiko at mayroon ding panloob na kontradiksyon. Subalit sa dualistikong pagtatapat ni Salazar sa mga kategoryang ito ay natatabunan ang internal na kompleksidad ng bawat isa.

Ito ang gustong bakahin ng diyalektika ng talaban: ang mga ideya, pangyayari, kategorya ay nag-uugnayan, nag-uuntugan, nag-aalitan, nagtatalo, nagtutulungan. Ngunit ang pagsubok—ng talab—o pagtasa—ng bisa—ay hindi lang sa isa't isa, na parang mga lutang lang silang konseptong nag-uusap at nagtutuos sa ere. Ang mga ideya, pangyayari, at kategoryang ito ay may materyal na manipestasyon at pinanggagalingan, nakalapag sa bilis-takbo-galaw ng kasaysayan. Kung sa dila ni Bienvenido Lumbera at sa konteksto ng produksyong sining, mayroong "dynamic intercourse" at "complex dialectic between specific literary works and the realities they refer to" (Lumbera 2000, 5). Ang kasaysayan, lipunan, at materyal na realidad ang pinanggagalingan ng mga likha (sining, ideya) na maaari rin naman nitong pakialamanan o baguhin.

Sa loob, o mas partikular pa sa masaklaw na kasaysayan ay ang usapin ng mga institusyon o aparatong kaakibat sa pagpapakalat, at pag-uugnayan ng mga ideya at ang samot-sari't nagtutunggaling interes at paninindigan ng mga bumubuo sa mga ideya at kaalamang ito. Sa huling bahagi ay nais kong bumaling at magsimula sa konteksto ng akademya para lamang turulin ang mas malawak na konteksto lampas nito. Habang ang pagmumuni ay sumentro sa inisyal na paggagap sa mga babasahin sa PS 301 sa konteksto ng doktoradong pag-aaral, nais kong dumulo sa silbi o halaga ng lahat ng pagmumuning ito sa lipunan at kasaysayan. Bahagi pa rin ito sa tindig na ang kaalaman ay binubuo sa mas masaklaw na paraan, samantalang privileged ang lugar ng unibersidad sa pagpopormalisa ng kaalamang ito. Lagi't lagi, kailangang ibalik sa labas, o lumabas ng pormal na institusyon upang subukin ang talab o bisa ng mga napag-aralan sa pormal na lunan. Ang nag-aakda ay sumisipat sa sariling pang-akda, tinatalos ang bawat pagkakataong naibibigay sa kaniya upang makapag-ambag sa kaalaman.

## *Ang Pulitikal ay Personal, o ang Mundo sa Labas ng Akademya*

Bilang pagwawakas at paglalagom sa mga nilahad rito, binaligtad ko ang mas pamilyar na pahayag na "the personal is political" na pinanganak kasabay ng mga peministang kilusan. Panghuling iterasyon rin ito ng diwa ng dayalektika: ang iskolar/manunulat/akademiko ay hindi tiwalag sa lipunang kaniyang ginagalawan. Ang kaniyang mga personal na kiling, karanasan, at kalagayan ay humuhugis sa kaniyang pag-aakda na maaari namang tumulong magbigay-hugis sa lipunan.

Mula rito, kapansin-pansin ang ganitong paglalahok nina Lumbera at Mojares sa kanilang mga sarili sa ilang sulatin. Sa "From Colonizer to Liberator: How U.S. Colonialism Succeeded in Re-inventing Itself after the Pacific War," may stylistic na hakbang si Lumbera upang magsalimbayan ang "personal observations" niya at ang mas malawak na kasaysayan ng bansa. Sa pamamagitan nito ay nailabas sa larangang "personal" o indibidwal ang kaniyang mga muni-muni, nabigyan ng "objective validity, as they have been checked against available historical accounts, policies promulgated, and narratives by key personalities of the times" (Lumbera 2000, 19). Ang mga pulitikal na sanaysay at pagsasaysay ay hindi hiwalay sa personal na karanasan. May ganito ring pag-uugnay si Mojares: hayagan niyang tinukoy ang sarili bilang kabilang sa henerasyong matuturing na "most vibrant and productive . . . in the country's intellectual history"—ang henerasyong tinasa at pinagbulayan niya sa kaniyang Keynote address (Mojares 2014).

Sa mga ganitong maniobra, kahit mistulang munting bagay, ay dramatikong napapabulaanan ang tila-laganap pa ring ideya na ang iskolar/akademiko ay mukhang, o mas malala, dapat hiwalay sa kaniyang mga tinatala. Isa itong kabalintunaang dapat lansagin, at mula rito ay ang pagsusog sa panukalang ang mga akademiko/manunulat/manlilikha ay maaaring makisangkot labas sa panulat o masining na paglikha. Ito ay isang posibilidad na dapat mabanggit man lang; siguro'y kahit hindi na i-prescribe. Madalas mabanggit na ang mismong paglalathala, pagtuturo, o pagpapalaganap ng ganito o ganiyang ideya—tungkol sa paksang Filipino imbes na tungkol sa "Indian fictionists," (Lumbera 2000, 32), panulaang LGBT o babae imbes na mga kanonikong lalaki, mga kabit noong panahon ng Kastila o sa kasalukuyan—ay nagbubunyag na ng bias, ng tindig. Ngunit sa labas ng akademya, matatagpuan ang "transformatibong pampulitikang praktika" na maaari namang ugnayan ng una upang hindi ito makahon sa "halos ekslusibong pang-akademikong fokus" (Guillermo 2008). Muli, hindi kailangang pagbanggain dahil maaaring magtulungan, at sa aktwal ay magkakaugnay-ugnay naman ang mga larangan at sektor na ito.

Heto ngayon ang aking tindig at pagdidiin. Mahalaga ang diyalektikal na pag-unawa upang makita ang relasyon ng mga bagay: nagsasalimbayan, binabago-ang-isa't isa, walang iisang absolutong nakapagtatakda ng pangyayari at umaangkin ng kapangyarihan. Pagdating sa mga teorya at perspektiba, dapat usisain: saan sila nanggagaling, ano ang kongkretong batayan ng kanilang sinasabi, at susog at dagdag sa sinabi ni Melendrez- Cruz, para kanino, para saan, ano ang layunin, paano gagawin? Mahalaga ang pag-uusap ngunit dapat itong langkapan ng kritika. Ang palitan ng ideya, hindi tulad ng panaginip sa "marketplace of ideas" o "free trade," ay di nagaganap sa pantay na playing field. May mananaig, mas pakikinggan at mas paniniwalaan. Ngunit walang-humpay din ang kontestasyon—ang "accepted" ngayon ay maaaring hindi na bukas, alalahanin natin si Ptolemy at ang sinabi niyang mundo-sa-gitna-ng-Uniberso; o ang mga nauna kay Darwin na nagsabing "hiwalay" (at mas de-kalidad) tayong nilalang sa mga orangutan o matsing—dahil walang-humpay din ang tunggalian ng mga interes at ang pag-inog ng kasaysayan.

## MGA SANGGUNIAN


de Quiros, Conrado. 2003. "Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan." Sa *Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Sourcebook ng Sangfil*, 1994-2001, inedit ni Benilda Santos, 28-33. Lungsod Quezon: Sanggunian sa Filipino.

Almario, Virgilio S. 2015. *Diksiyonaryong Adarna*, Punong Edisyon. s.v. "talab." Lungsod Quezon: Adarna House, Inc.

Eagleton, Terry. 2013. How to Read Literature. New Haven: Yale University Press.

Enriquez, Virgilio G. 1989. "Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon." Nasa *Sikolohiyang Pilipino*: Teorya, Metodo at Gamit, inedit ni Rogelia Pe-Pua, 5-21. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

Garcellano, Edel. 1990. *Intertext*. Lungsod Maynila: Kalikasan Press.

Guillermo, Alice. 1989. *The Covert Presence and Other Essays on Politics and Culture*. Lungsod Maynila: Kalikasan Press.

Guillermo, Ramon. 2008. "Ang Proyektong Araling Filipino sa Wikang Filipino." Papel na binasa sa Eighth International Conference on Philippine Studies (ICOPHIL), Ateneo de Manila University, Lungsod Quezon, Hulyo 24, 2008.

______. 2009. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw.* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

Guillory, John. 1993. "Preface". Nasa *Cultural Capital: The Problem of Literary Canon Formation,* vii-xiv. Chicago: University of Chicago Press.

Hila, Antonio. 2001. "The Filipino Point of View in Historical Interpretation as Articulated by Teodoro Agoncillo." Asia-Pacific Social Science Review 2, no. 1 (May 2001): 110-38.

Lumbera, Bienvenido. 2000. *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

Melendrez-Cruz, Patricia. 1996. "Ang Pulitika ng Wikang Panturo." Nasa *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, inedit nina Monico Atienza at Pamel Constantino, 195-217. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

Mojares, Resil. 2014. "Marking a Turn: Thoughts on a Generation of Philippine Scholarship." Binasa sa Philippine Studies Conference, Kyoto, Japan, Pebrero 28-Marso 2, 2014.

Rizal, Jose P. 1997. Kalipunan ng mga Sinulat ni Dr. Jose P. Rizal (Tula, Dula, Sanaysay, Nobela, Liham). Salin nina Jesus Fer Ramos, Ligaya Tiamson-Rubin, at Nancy C. Sena. Pilipinas: National Historical Institute at Jesus Fer Ramos, Ligaya Tiamson-Rubin, at Nancy C. Sena.

______. 1999. *Noli me Tangere*. Salin ni Virgilio S. Almario. Lungsod Quezon: Adarna House.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. 2015. "Philippine Studies, Araling Pilipino at Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino." *Humanities Diliman Review* 12, no. 2 (2015): 110-79.

Salazar, Zeus A. 2007. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan." Nasa *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino*, inedit nina Atoy Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante. Lungsod Quezon: C&E Publishing.

Sela-Sheffy, Rafeket. 2002. "Canon Formation Revisited: Canon and Cultural Production." *Neohelicon*, 29(2): 141-59. DOI: 10.1023/A:1020386207413.

Simbulan, Roland. 2009. "Renato Constantino, Revisited: Reflections on the Nationalist Paradigm in the Era of Failed Neoliberalism." *Bulatlat*, Mayo 9, 2009, https://www.bulatlat.com/2009/05/09/renato-constantinorevisited-reflections-on-the-nationalist-paradigm-in-the-era-of-failed-neoliberalism/2/.

Sobritchea, Carolyn. 2002. "Reflections on the Development of Philippine Studies in the Philippines. The UP Asian Center Experience." *Journal of Asian Studies* 38, no. 1 (2002): 99-109.

Tan. Michael. 2008. Revisiting *Usog, Pasma, Kulam*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press. Rizal, Jose. Noli me Tangere. Salin ni Almario, Virgilio. Lungsod Quezon: Adarna House, 1999.